REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-180

KAPASIYAHAN NA INIREREKOMENDA SA KGG. FIDEL V. RAMOS, PANGULO NG PILIPINAS AT KGG. FRANKLIN M. DRILON, KALIHIM NG KAGAWARAN NG KATARUNGAN NA HIRANGIN O ITALAGA SI RET. COL. JULIO A. ARCIAGA BILANG ASSISTANT DIRECTOR NG KAWANIHAN NG WASTUAN (BUREAU OF CORRECTIONS).

****************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

****************************************************************

SAPAGKAT, ang kasalukuyang puwesto/posisyon na Assistant Director ng Kawanihan ng Wastuan ay mababakante sa pagreretiro sa taung ito ng kasalukuyang humahawak nito;

SAPAGKAT, ang pambansang piitan ay nasa loob ng nasasakupan ng Bayan ng Muntinlupa kung kaya't nararapat lamang na ang matatalagang isa sa mataas na mamumuno nito ay isang tubo at naninirahan sa Muntinlupa na may kakayahan at kuwalipikado naman;

SAPAGKAT, si Col. Arciaga ay matagal na naglingkod sa pamahalaan ng buong kasipagan, kahusayan at katapatan ng walang bahid o nasangkot sa anumang katiwalian;

SAPAGKAT, si Col. Arciaga ay isang ulirang asawa, magulang, kaibigan, may sapat na karanasan at edukasyon, may matinding pananalig sa Diyos at makatao at dahil sa mga katangiang ito ay nararapat lamang para humawaak sa isang maselang posisyon tulad ng pambansang piitan na tila isang malaking pamilya na dapat arugain, disiplinahin, mahalin at unawain;

SAPAGKAT, ang kanyang kakayahan na mamuno ay subok na at nagsisilbing inspirasyon na tinutularan at binibigyan ng paggalang ng dating mga kasamahan at nasasakupan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na inirerekomenda sa Kgg. Fidel V. Ramos, Pangulo ng Pilipinas at Kgg. Franklin M. Drilon, Kalihim ng Kagawaran ng Katarungan na hirangin o italaga si Ret. Col. Julio A. Arciaga bilang Assistant Director ng Kawanihan ng Wastuan (Bureau of Corrections).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-103rd regular na pulong na ginanap ngayong ika-03 ng Oktubre, 1994.

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pinuno ng Panghapagang Mayorya
Pansamantalang Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal